
# 【Mga Karaniwang Katanungan】



## Q: Maaari bang maproseso sa Hokkaido ang pagpapalit ng lisensya na kuha sa ibang bansa upang maging Japan License?

## A: Maaring mapalitan ng Japan License ang lisensya na kuha sa ibang bansa kung masusunod ang mga kondisyones na nakasaad sa ibaba.

1. Residente ng Hokkaido.
2. Pagsumite ng dokumentong makakapagpatunay na nanatili nang mahigit 3 buwan sa sariling bansa matapos ma isyu ang lisensya.
3. Balido pa ang hawak na lisensya.




### Dapat Tandaan

- Maraming nahihirapang magpatunay na nananitili nang mahigit 3 buwan sa sariling bansa matapos ma isyu ang lisensya. Kaya kung maaari ay magprepara ng maraming dokumentong magpapatunay nito.
  (Halimbawa: Rekord ng pagpasok at paglabas sa bansa, Rekord ng pagmamaneho, kontrata sa pag upa ng tirahan, rekord na nag aral sa eskwelahan, rekord ng pagtatrabaho at iba pa)
- Iba-iba ang paraan ng proseso ng mga Driving Test Center. Dapat itong alamin sa Driving Test Center na inyong kinasasakupan.
  (Ang mga Driving Test Center ay nasa mga lungsod ng Sapporo, Hakodate, Asahikawa, Obihiro, Kushiro at Kitami.)
- Depende sa bansa o lugar na nag isyu ng lisensya, may pagkakaiba sa mga dokumentong dapat isumite kaya, nararapat itong alamin.
- Maraming nagpapareserba sa Driving Test Center at maaaring abutin ng kalahating taon ang paghihintay, kaya't matapos makumpleto ang mga kailangang dokumento, mangyaring magpareserba agad.
- Kailangang tumawag para sa reserbasyon at hindi masasagot ang banyagang wika. Para sa interpretasyon, huwag mag atubiling kumontak sa Hokkaido Foreign Resident Support Center



Para sa nais palitan ng Japan License ang Lisensya
【Hokkaido Police HP】(Ingles)

Para sa pag translate ng lisensya sa Nihongo
【Japan Automobile Federation（JAF）HP】

www.hiecc.or.jp/soudan www.facebook.com/hiecc.support E-MAIL: support@hiecc.or.jp TEL: 011-200-9595 FAX: 011-221-7845